

# Super Six Comprehension Strategy sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komprehensiyon sa Pagbasa

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 27-31  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557 (Print)

Jose Victoriano-Valdez

Candon City High School  
Schools Division of Candon City

jose.valdez001@deped.gov.ph

Date Received November 12, 2021: Date Revised: January 30, 2022

**Abstrak** – Ang pagbasa ay isa pa rin sa mga limang makrong kasanayang patuloy na nililina sa mga mag-aaral sapagkat ito ay panimulang kailanganin sa pag-unawa ng mga aralin. Gayon din, mahalagang malinang ang kakayahang komprehensiyon ng mga mag-aaral tungo sa pagtamo ng tiyak na mga kompetensiyang inaasahang matamo nila. Nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang epekto ng Super Six Comprehension Strategy sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Candon City High School Taong Panuruan 2020-2021. Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong true-experimental kung saan ang mga kasangkot o respondent ay nahati sa dalawang pangkat: experimental group at control group. Batay sa mga nakalap na mga datos at pagpapakahulugan ng mananaliksik, natuklasan na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa komprehensiyon sa pagbasa sa pretest ay mahina. Pagkatapos, dumaan ang experimental group sa Super Six Comprehension Strategy at sa tradisyunal na paraan naman ang mga nasa control group. Batay sa resulta ng posttest, natuklasan na ang Super Six Comprehension Strategy bilang cognitive at metacognitive na estratehiya ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa experimental group. Ito ay may makabuluhang pagkakaiba sa pangkat ng control group na dumaan sa tradisyunal na pamamaraan. Ang resultang ito ay nagpapakahulugan na ang Super Six Comprehension Strategy ay mabisang estratehiyang gamitin sa pagtuturo at pagpapaunlad ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Mga susing salita:** cognitive strategy, komprehensiyon, pagbasa, MELCS, metacognitive strategy

## PANIMULA

Ang Pilipinas kasama ng iba pang mga bansa sa buong mundo ay nakararanas ng hirap na dulot ng COVID-19. Ang sektor ng edukasyon ay isa sa mga labis na naapektuhan kaya naman ang dating pagbubukas ng paaralan sa Hunyo ay iniabante sa buwan ng Oktubre na iminungkah ng Kalihim ng Department of Education na si Leonor M. Briones. Ito ay alinsunod na rin sa payo ng Inter-Agency Task Force (IATF) na siya namang sinang-ayunan ni Pangulong Rodrigo Duterte sa pamamagitan ng papirma niya sa Republic Act No. 11480, An Act amending Section 3 of Republic Act No. 7797, otherwise known as “An act to lengthen the school calendar from two hundred (200) days to not more than two hundred twenty (220) class days.

Ipinagbawal ang *face-to-face learning*. Hangga’t walang bakuna, ang mag-aaral ay mananatili sa loob ng tahanan at doon mag-aaral kaya doon umusbong ang tinatawag na *home schooling* o *distance learning*.

Dahil sa usapin ng *distance learning* na kaiba sa pangkaraniwang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan, ang mga magulang muna ang siyang magsisilbing-gabay nila. Sa hamon ng bagong normal na pagkatuto, hindi pa rin nawawala ang suliranin at usaping sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang suliranin sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Candon City High School ay hindi naiiba sa suliranin ng iba pang mga paaralan. Lalo pa’t ang karamihan sa *Most Essential Learning Competencies (MELCS)* na kailangang mapaunlad at mataya ay nasa ilalim ng panitikan. Samakatuwid, karamihan sa mga aralin ng mga mag-aaral ay nasa pagbasa ng iba’t ibang uri ng babasahin tulad ng pabula, alamat, at maikling kuwento.

Ang mga mag-aaral na hirap sa komprehensiyon ay nakapagpapakita ng mahinang kakayahan. Kadalasan, sila ay walang kaalaman sa kung ano ang nagagawa ng isang mag-aaral na may mahusay na pag-unawa

[1]. Idinagdag pa nina Maset-Williamson at Nelson na ang pagbibigay ng malinaw na instruksiyon ay nakalilikha ng makabuluhang pag-unawa sa mga mag-aaral [2]. Habang ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng lakas ng loob sa kanilang komprehensiyon sa pagbasa ay hindi na sila kailangan pang umasa sa kanilang mga guro [3]. Kaya naman, sinubok ng mananaliksik na tugunan ang naturang suliranin gamit ang bisa ng *Super Six Comprehension Strategy*, isang uri ng estratehiyang nagtataglay ng *cognitive* at *metacognitive* na estratehiya sa pagbasa.

Ang mga estratehiya sa komprehensiyon at ang mga *cognitive* at *metacognitive* na estratehiya ay ginagamit ng mga mag-aaral upang mapagtagumpayan ang layunin ng komprehensiyon. Ang mga estratehiyang ito ay magkakaugnay at minsan ay hindi maaaring paghiwa-hiwalayin [4].

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang epekto ng *Super Six Comprehension Strategy* sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Candon City High School, Darapidap, Candon City, Ilocos Sur Taong Panuruan 2020-2021. Nilayon din nitong alamin ang sumusunod: Ano ang antas ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng *experimental group* bago at pagkatapos ng kanilang eksposyur sa *Super Six Comprehension Strategy* at ng *control group* bago at pagkatapos ng eksposyur sa tradisyunal na pamamaraan; at Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa sa dalawang *independent group*?

#### MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *true-experimental* na disenyo. Ang dalawang *independent group* na kalahok sa pag-aaral na ito ay tinukoy sa pamamagitan ng *experimental matching* mula sa mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Candon City High School, Taong Panuruan 2020-2021 na binubuo ng limapu't apat (54) na mga mag-aaral. Kung saan ang mga mag-aaral na nasa *experimental group* at *control group* ay binubuo ng tigdalawampu't pitong (27) mga mag-aaral. Ang dalawang pangkat ng mga mag-aaral na may magkaparehong bilang ay dumaaan sa magkaparehong aytem na *pretest*, pagkatapos, ang *experimental group* ay dumaaan sa pagkatutong *Super Six Comprehension Strategy* sa tulong ng nabuong *worksheet*, samantalang ang *control group* naman ay dumaaan sa tradisyunal na pagkatuto sa pagbasa.

Pagkatapos, ang *experimental group* at *control group* ay sabay na kumuha ng *posttest*.

Ang *worksheet* sa pagbasa ay orihinal na nilikha ng mananaliksik. Ito ay dumaaan sa balidasyon at ebalwasyon ng mga eksperto. Taglay nito ang mga gawaing pampagkatuto sa pagbasa na batay sa *Super Six Comprehension Strategy*: 1) Paghihinuha (Making Connection); 2) Paghihinuha (Predicting); 3) Pagtatanong (Questioning); 4) Pagmomonitor (Monitoring); 5) Paglikha ng Imahen (Visualizing); at 6) Pagbubuo (Summarizing). Ang nabuong *printed worksheet* ay ipinamudmod sa mga mag-aaral sa tulong ng Project Tulong ni KAP (Katinnulong iti Agtultuloy a Panagadal). Kung saan ang mga opisyal ng barangay kung saan malapit ang paaralan ang siyang namamahala sa distribusyon at *retrieval* ng mga modyul kasama ang nabuong *worksheet* sa pagbasa.

Ayon sa New South

Bumuo ang mananaliksik ng *teacher-made-tests* upang matukoy ang antas ng kakayahang komprehensiyon ng mga mag-aaral. Batay sa ebalwasyon ng mga eksperto, ito ay nagtamo ng 5.0 (*Napakataas*) na *rating* at dumaaan sa *reliability testing* na isinagawa sa ibang paaralan. Gamit ang *Cronbach Alpha*, lumabas na ang *computed level* ng *Internal Consistency* ng nabuong pagsusulit ay 0.79. Nangangahulugan itong maaari nang ipagamit sa mag-aaral ang nabuong pagsusulit.

Ginamit ang maikling kuwentong Cebuano na "Paalam sa Pagkabata" salin sa Filipino ni Nazareno Bas sapagkat ang pananaliksik ay naitaon sa Ikalawang Markahan, at ang mga aralin sa Filipino 7 sa markahang ito ay pawang mga akda mula sa Visayas. Ginamit ang istatistikal na *mean* upang mailarawan ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa komprehensiyon sa pagbasa sa *pretest* at *posttest* at ang *t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba ang *mean* ng iskor ng mga mag-aaral sa *pretest* at *posttest* sa pagitan ng dalawang *independent group*.

#### RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang antas ng kakayahan sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Candon City High School ay natukoy sa pamamagitan ng *teacher-made-tests* na inihanda ng mananaliksik. Makikita sa Talahanayan 1 ang antas ng kakayahan sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng kanilang eksposyur sa *Super Six Comprehension Strategy* at ng *control group* bago at pagkatapos ng eksposyur sa tradisyunal na pagkatuto sa pagbasa.

Talahanayan 1. Antas ng Kakayahang Komprehensyon sa Pagbasa sa Pretest at Posttest

Group	n	Mean Scores	DR
Experimental			
Pretest	27	10.85	Mahina
Posttest	27	17.30	Mataas
Control			
Pretest	27	8.96	Mahina
Posttest	27	11.19	Katamtaman

Malinaw na makikita sa talanahayan na ang dalawang pangkat ng *independent group* ay may *mahinang* kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa bago ang kanilang eksposyur sa *Super Six Comprehension Strategy* ng *experimental group* sa *mean score* na 10.85 at tradisyunal na pamamaraan naman sa *control group* sa *mean* na 8.96. Samantala, nang ma-ekspos ang mga mag-aaral ng *experimental group* sa *Super Six Comprehension Strategy* ay naging *mataas* ang antas ng kanilang kakayahang sa komprehensyon sa pagbasa sa *mean* na 17.30. Mas mataas ito kaysa sa *mean score* ng *control group* na 11.19 gamit ang tradisyunal na pagkatuto sa pagbasa. Ipinahihiwatig nito na ang *Super Six Comprehension Strategy* ay mas epektibo sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensyon sa pagbasa kaysa sa tradisyunal na pamamaraan. Ito ay dahil sa katangian ng estratehiya na *cognitive at metacognitive*. Ang mga mag-aaral ay naghihinuha sa mga pangyayari, nag-uugnay ng kanilang sariling karanasan sa kanilang binabasa, nagtatanong sa kanilang mga sarili kung nauunawaan ba ang binasa, tinitiyak na may sapat na kaalaman sa talasalitaan, at higit sa lahat ay nakabubuo ng sariling paglalarawan at pagpapasiya.

Ang resultang ito n sinusugan ng pag-aaral ni Cubukcu [5] na binanggit nina Aksan at Kisac [6] na ang *cognitive awareness skills* ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan sa bokabularyo at komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral na kasangkot sa kanilang pag-aaral. Nagkaroon ng positibong epekto ang *cognitive strategy* sa kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin.

Sinuportahan ng pag-aaral [7] na binanggit din nina Aksan at Kisac [6] kung saan ang kinalabasan ay ang mga mag-aaral na may kakayahang *metacognition* ay mahuhusay na mga mag-aaral. Binigyang-kahulugan sa kaniyang pananaliksik ang *metacognitive* bilang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang ginagawa tuwing nagbabasa, pinatataas nito

ang kamalayan ng mga mag-aaral sa proseso ng kanilang pagbabasa, pagtatanong, at ng kung ano at paano nila ito nauunawaan.

Samantala, natuklasan din na karamihan sa mga mag-aaral na sangkot sa pag-aaral ay nagkaroon ng kaunting pagtaas sa antas ng kakayahang komprehensyon pagkatapos ng tradisyunal na pagtuturo ng pagbasa ngunit mayroong lamang dalawang mag-aaral ang hindi [8]. Sinuportahan ito ni Connel [9] nang ang isa sa mga mag-aaral ay nagkaroon ng magandang epekto ang tradisyunal na pagtuturo ng pagbasa.

Makikita naman sa Talahanayan 2 ang resulta ng t-test sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa dalawang *independent group*.

Talahanayan 2. t-test Para sa Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahang Komprehensyon sa Pagbasa ng Dalawang Independent group

Group	n	SD	Mean Gain Scores	Mean Diff.	t val ue	Two-tailed p
Experimental	27	3.09	6.44	10.85	5.05	2.0066
Control	27	3.00	2.22	17.30	024	46805
					E-06	

Makikita sa Talahanayan 2 na ang *experimental group* ay mas mataas na *mean gain scores* na 6.44 kumpara sa *control group* na 2.22. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa *experimental group* ay nagpakita ng higit na pag-unlad sa kakayahang komprehensyon sa pagbasa kaysa sa *control group*. Ang mga mag-aaral ay nagtamo rin ng *standard deviation* na 3.09 at 3.00 sa *experimental group* at *control group* na nagsasabing ang mga iskor ng *experimental group* ay less varied kaysa sa *control group*. Iminumungkahi nitong ang *Super Six Comprehension Strategy* ay higit na may makabuluhang epekto sa kakayahang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral kaysa sa paggamit ng tradisyunal na paraan. Sa madaling sabi, nakatulong ang *Super Six Comprehension Strategy* sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nakapagpakita ng pagtaas sa antas ng kakayahang komprehensyon sa pagbasa ang mga mag-aaral gamit ang estratehiya marahil dahil sa *cognitive at metacognitive* na kakayahang-dulot ng *Super Six Comprehension Strategy* dahil malay ang mga mag-aaral sa kanilang pagbasa at binabasa. Nag-uugnay, nagtatanong, bumabalik,

bumubuo ng larawan, nagninilay-nilay, at nagbubuo: iyan ang mga gawaing ginawa ng mga mag-aaral na pinaniniwalaan ng mananaliksik ay nakatulong upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binasang akda.

Kaugnay nito, natuklasan din na karamihan sa mga mag-aaral na kasangkot ang nagpakita ng pagtaas sa kakayahang komprehensiyon sa pagbasa matapos gamitin ang MRS o *Metacognitive Reading Strategies*. Ang mga mag-aaral ay nakapag-buod ng mga tekstong nabasa nila batay sa sarili nilang pag-unawa [10].

Natuklasan ding may makabuluhang pagkakaiba sa *mean scores* ng *experimental group* sa *posttest* at sa *control group*. Kung saan mas mataas ang tinamong *mean* ng *experimental group* na nagpapatotoong ang *metacognition* ay kritikal sa epektibong pagbabasa [11]. Sinoportahan ito ng pag-aaral nina Muhid [12] nang magkaroon ng positibong epekto ang estratehiyang *metacognition* sa kakayahang pagbasa ng mga mag-aaral.

Idagdag pa ang naging pag-aaral naman nina Kung at Aziz [11] nang matuklasang batay sa resulta, ang pagtuturo ng *metacognitive strategy* sa pagbasa ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay kaugnay ng naging resulta ng ilang mga pag-aaral [10,11,12,13] na nagsasabing ang mga mag-aaral na dumaan sa pagtuturong *metacognitive* ay nagkaroon ng positibong epekto sa *posttest*.

#### KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Matapos ang maingat na pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos, batay sa kinalabasan ng pag-aaral, pinagtitiyay ng mananaliksik na ang *Super Six Comprehension Strategy* ay nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang ginamit ay epektibong gamitin tungo sa *cognitive* at *metacognitive* na pagkatuto sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang *worksheet* sa *Super Six Comprehension Strategy* na ginamit sa pag-aaral ay maaaring gamitin ng mga guro sa pagpapaunlad ng kakayahang komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya. Maaari ding magkaroon ng karagdagan pang pag-aaral sa paggamit ng espesipikong *cognitive* at *metacognitive* na estratehiya tulad ng paghihinuha o *inferencing* para sa ispesipikong kasanayang tatayahin sa mga mag-aaral. Bilang tugon sa hamon ng pandemya, kung saan ipinagbabawal pa rin ang *face-to-face*, ang nabuong

*Super Six Comprehension Strategy worksheet* ay maaaring i-convert sa *digitized* o *interactive worksheets* na aangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya.

Mahalaga ring banggitin na ang pag-aaral ay nakalimita lamang sa kakayahang pagbasa nang may komprehensiyon kaya naman iminumungkahi na magkaroon din ng pag-aaral sa paggamit ng gramatika sa pagpapahayag bilang mahalagang salik sa pagpapamalas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

#### SANGGUNIAN

- [1] Graham, L., and Bellert, A. (2004). Difficulties in reading comprehension for students with learning difficulties', in Wong. B. (ed.) Learning about learning disabilities. Elsevier Academic, San Diego, CA. pp. 251–279.
- [2] Manset-Williamson, G. and Nelson, J. M. (2005). Balanced, strategic reading instruction for upper elementary and middle school students with reading disabilities: A comparative study of two approaches', Learning disability quarterly, 28, pp. 59–74.
- [3] Duke, N. K. and Pearson, P. D. (2002). Effective practices for developing reading comprehension' in Farstrup, A. E. & Samuels, S. J. (eds.) What research has to say about reading instruction (3rd edition). pp. 205–242.
- [4] NSW Department of Education and Training. Metacognition. URL: <http://www.curriculumsupport.education.nsw.gov.au/literacy/assets/pdf/packages/combook.pdf>. Hango noong: November, 2020.
- [5] Cubekcu, F. (2008). Enhancing vocabulary development and reading comprehension through metacognitive strategies. Issues in Educational Research, 18 (1), pp. 83-93.
- [6] Aksan, N., & Buket Kisac. (2009). A descriptive study: Reading comprehension and cognitive awareness skills. Procedia - Social and Behavioral Sciences, Volume 1, Issue 1, 834-837.
- [7] Yagcioglu, S. & A. Deger (2002). Ustbilissel okuma becerilerin kazandirilmasi uzerine bir atolye calismasi. II. Turkce ve Turk Dili ve Edebiyati Sempozyumu Bildirileri, Istanbul: Eyupoglu ogretim kurumlar yayinlari, sf. 34–43.
- [8] Kawaguchi, J. (2011). Improving Students' Reading Comprehension: Traditional Reading Instruction Versus Guided Reading Instruction. Master of Education in Educational Leadership:

- Theses Leadership Research: Vol 02, No 1. (2011). <http://dx.doi.org/10.25316/IR-149>.
- [9] Connell, C., Bayliss, L. & Farmer, W. (2012). Effects of E-book readers and tablet computers on reading comprehension. *International Journal of Instructional Media*, 39, (2), 131-140.
- [10] Halim, N., Arif, M. M., & Supramaniam, K. (2020). Enhancing Reading Comprehension through Metacognitive Reading Strategies and Peer Tutoring among Year 7 Students at a Home School . *Strategies and Peer Tutoring among Year 7 Students at a Home School*, 16 (10), 22-31.
- [11] Ismail, N. H., T. I. Tawalbeh. (2014). Effectiveness of a Metacognitive Reading Strategies Program for Improving Low Achieving EFL Readers. *International Education Studies*; Vol. 8, No. 1. <http://dx.doi.org/10.5539/ies.v8n1p71>.
- [12] Muhid,A., Amalia, E. R., Hilaliyah, H., Budiana, N., & Wajdi, M. B. N. (2020). The Effect of Metacognitive Strategies Implementation on Students' Reading Comprehension Achievement. *International Journal of Instruction*, 13(2), 847-862. <https://doi.org/10.29333/iji.2020.13257>
- [13] Kung, L. Y., & Aziz, A. A. (2020). An action research on metacognition reading strategies instruction to improve reading comprehension. *International Journal of English Language and Literature Studies*, 91-92.
- [14] Albazi, S., & Shukri, N. (2016). Evaluating the effect of metacognitive strategy training on reading comprehension of female students at KAU. *International Journal of Applied Linguistics and English Literature*, 5(3), 172-183. Available at: <https://doi.org/10.7575/aiac.ijalel.v.5n.3p.172>.
- [15] Henter, R. (2012). Metacognitive training for awareness of reading strategies. Paper presented at the In International Conference of Scientific Paper AFASES.
- [16] Hou, Y.-j. (2015). Reciprocal teaching, metacognitive awareness, and academic performance in Taiwanese junior college students. *International Journal of Teaching and Education*, 3(4), 15-32. Available at: <https://doi.org/10.20472/te.2015.3.4.003>.
- [17] Takallou, F. (2011). The effect of metacognitive strategy instruction on EFL learners' reading comprehension performance and metacognitive awareness. *Asian EFL Journal*, 12(1), 272 - 300.

#### **COPYRIGHTS**

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).